MINUTES OF THE MEETING/ KATITIKAN NG PULONG
TAGALOG LANGUAGE ACCESSIBILITY ADVISORY COMMITTEE/ KOMITENG TAGAPAYO SA ACCESSIBILITY NG WIKANG TAGALOG
VIRTUAL MEETING/ VIRTUAL NA PULONG

OCTOBER 30, 2024, 11:00 AM – 12:00 PM/ OKTUBRE 30, 2024, 11:00AM- 12NOON

In Attendance / Mga Dumalo

- Daisy Maxion – Filipino Advocates for Justice, Lead Organizer, Civic Engagement

- Pinky Ednalaga – ROV, Tagalog Language Coordinator

- Sean Mican Sulangsawa – ROV, Tagalog Election Support

I. WELCOME/ PAGBATI

Pinky Ednalaga welcomed Daisy Maxion and expressed appreciation for her participation in today's meeting./ Malugod na binati ni Pinky SI Daisy Maxion at nagpahayag ng pasasalamat sa kanyang pagdalo sa pulong

II. PREVIOUS ELECTIONS / NAKARAANG MGA HALALAN

Pinky briefly discussed voter turnout and results from recent elections: / Tinalakay ni Pinky ang resulta ng mga nakaraang halalan

- The City of Berkeley Special Election for District 7 was held on April 16, 2024. / Ang Lungsod ng Berkeley, Distrito 7, Espesyal na Halalan ay ginanap nong Abril 16, 2024.

- The City of Berkeley Special Election for District 4 occurred on May 28, 2024. / Ang Lungsod ng Berkeley, Distrito 4, Espesyal na Halalan ay naganap nonng Mayo 28, 2024.

- The Sunol Glen Unified School District Special Recall Election occurred on July 2, 2024. / Ang Espesyal na Recall na Halalan para sa Sunol Glen Unified School District ay isinagawa noong Hulyo 2, 2024.

III. NOVEMBER 5, 2024 GENERAL ELECTION MATERIALS / NOBYEMBRE 5, 2024, MGA MATERYALES PARA SA PANGKALAHATANG HALALAN

Pinky presented multiple election materials, which are also available in other languages, that Daisy and her team might need for outreach services for the upcoming election. Daisy expressed interest in receiving a virtual PDF of the "Guide to Voting in California" pamphlets; however, since it was not available, Pinky offered to have the physical pamphlets delivered to their office. Daisy informed Pinky that they have an Oakland office located in Chinatown and requested only the English pamphlets, as they still have Tagalog versions from the previous election. / Ipinakita ni Pinky ang iba't ibang materyales para sa halalan, na mayroon ding bersyon sa iba't ibang wika, na maaaring magamit ni Daisy at ng kanyang mga pangkat para sa kanilang outreach services para sa nalalapit na halalan.

Ipinahayag ni Daisy ang interes na makatanggap ng virtual na PDF ng *"Guide to Voting in California"* na polyeto; subalit dahil wala pang available na PDF version, inalok ni Pinky na ipadala na lamang ang pisikal na kopya ng mga polyeto sa kanilang opisina.

Ipinabatid ni Daisy na mayroon silang opisina sa Oakland na matatagpuan sa Chinatown, at hiniling na English na kopya lamang ang ipadala, dahil mayroon pa silang natitirang Tagalog na bersyon mula sa nakaraang halalan.

IV. YOUTH VOTING/ PAGBOTO NG KABATAAN

Pinky reminded Daisy that youth voting will be available for this upcoming election, and youth voters can only cast votes for school board races. She mentioned that youth voters have two options for voting: in person at the ROV office or by mail. Pinky showed Daisy a copy of a Voter Information Guide (VIG) for Youth Voters. Daisy requested the English VIGs for youth voters, declining the Tagalog versions as she believed that youth voters primarily spoke English. / Ipinaalala ni Pinky kay Daisy na ang pagboto para sa kabataan ay magiging bahagi ng nalalapit na halalan. Ipinaliwanag niya na ang mga kabataang botante ay papayagang bumoto lamang para sa mga posisyon sa school board. May dalawang paraan ng pagboto na maaaring pagpilian ng kabataan: una, sa pamamagitan ng personal na pagpunta sa opisina ng Registrar of Voters (ROV), at pangalawa, sa pamamagitan ng pagboto sa koreo. Ipinakita ni Pinky kay Daisy ang isang kopya ng Voter Information Guide (VIG) na partikular para sa kabataang botante upang ipaliwanag ang proseso. Ngunit sinabi ni Daisy na mas nais niyang makatanggap ng mga VIG na nasa wikang Ingles, imbes na Tagalog, dahil naniniwala siya na karamihan sa mga kabataang botante ay mas bihasa at mas komportable sa paggamit ng English.

V. VOTE CENTERS/ MGA SENTRO NG PAGBOTO

Pinky informed Daisy that 20 Vote Center locations opened last Saturday, with an additional 80 Vote Centers set to open this coming weekend. Pinky mentioned that locations of Vote Centers can be found on the ROV website. She specified the hours of operation for the Vote Centers before and on Election Day. Pinky also mentioned that there will be 24-hour ballot drop boxes available until 8 PM on Election Day, and ballots can be returned by mail with no postage necessary. / Ipinabatid ni Pinky kay Daisy na noong nakaraang Sabado, nagbukas ang 20 na Sentro ng Pagboto, at may karagdagang 80 na mga Sentro ng Pagboto na magbubukas sa darating na katapusan ng linggo. Binanggit ni Pinky na ang mga lokasyon ng mga Sentro ng Pagbot ay maaaring matagpuan sa opisyal na website ng Registrar of Voters (ROV). Inilahad din niya ang mga itinakdang oras ng operasyon ng mga Sentro ng Pagboto bago at sa mismong Araw ng Halalan.

Bukod dito, ipinaalam ni Pinky na mayroong mga 24-oras na kahong paghuhulugan ng balota na magagamit hanggang alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan. Inanunsyo rin ni Pinky na ang mga balota ay maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo, nang hindi na kinakailangan ng selyo o anumang karagdagang gastos sa pagpapadala.

VI. QUICK SUMMARY OF THE MEETING / MAIKLING BUOD NG PULONG

Pinky provided a brief recap of the agenda before adjourning the meeting. Pinky and Daisy confirmed that the following materials would be delivered to the Filipino Advocates for Justice Oakland Office: / Nagbigay si Pinky ng maikling buod ng adyenda bago tuluyang tapusin ang pagpupulong. Kinumpirma ni Pinky at Daisy na ang mga sumusunod na materyales ay ipadadala sa tanggapan ng Filipino Advocates for Justice sa Oakaland:

1. Guide to Voting in California pamphlets - English

2. Youth Voter VIG – English

VII. ADJOURNMENT/ PAGTAPOS

Pinky thanked Daisy again for her time and mentioned that if she has any questions, she can email Pinky or call the ROV office. / Muling nagpasalamat si Pinky kay Daisy sa kaniyang oras at binanggit na kung mayroon siyang anumang katanungan, maaari siyang mag-email kay Pinky o tumawag sa tanggapan ng ROV.